Buong Teksto

ANG MGA KUWENTO NI LOLA BASYANG: ROSAMISTICA

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang "Rosamistica" mula sa Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes, muling isinalaysay ni Christine S. Bellen at babasahin nina Peanuts Valerio, Ivy Baggao, Lulu Quijano, at Top Benedicto.

Noong unang panahon sa isang bayan sa Bulacan, mayroon batang ulila na Rosamistica ang pangalan. Naiwan siya sa pangangalaga ng kanyang Tiyo Senando at Tiya Tomasa.

Malupit ang mag-asawa sa batang babae. Hindi nila itinuring na anak si Rosamistica kundi isang alipin. Pinatutulog nila ang bata sa kuwadra ng kabayo at maghapong pinagtatrabaho.

"Linisin mong mabuti ang bahay!" bulyaw ng kanyang Tiya Tomasa.

Hindi pa man natatapos si Rosamistica sa paglilinis ng bahay, si Tiyo Senando naman ang nag-utos.

"Unahin mo ang pagpaligo sa kabayo. Kailangan kong umalis!" pandidilat ng kanyang tiyuhin.

Hindi malaman ni Rosamistica kung sino sa dalawa ang una niyang susundin. Tinatadyakan siya ng mag-asawa kapag nakikita siyang natataranta. Lagi rin siyang pagod ngunit hindi pinapakain ng sapat para makabawi ng lakas.

Bisperas noon ng pasko at kaarawan ng kanyang Tiya Tomasa. Upang hindi makatikim ng masasarap na pagkain si Rosamistica, binigyan siya ng beinte-singko sentimos ng mag-asawa para kumain sa labas.

"Ayan ang beinte-singko sentimos, magpakabusog ka hangga't gusto mo," sabi ng malupit na tiyahin.

Ano sa palagay n'yo ang mabibili ng beinte-singko sentimos ni Rosamistica?

Hapon na nang matapos sa trabaho si Rosamistica. Hindi siya pinakain ng tanghalian. Mabilis na lumabas ng bahay ang bata na kumakalam ang sikmura. Nakita niya ang mga taong nakabihis papunta ng simbahan. Nakita niya ang mga naglalakad na pami-pamilya patungo sa simbahan at perya.

"Napakasuwerte ng mga batang may magulang," bulang sa sarili ni Rosamistica.

Sumabay siya sa hugos ng mga taong naglalakad patungo sa simbahan. Matagal-tagal na ring hindi nakakalabas ng bahay si Rosamistica. Natantandaan pa niya nang huli silang pumunta ni Tiya Tomasa sa bayan. Pinagbuhat siya nito ng mabibigat na regalo para kay Padre Leon.

Pumasok muna ng simbahan ang bata saka tumungo sa kalapit na perya upang maglibang at kumain. Kinapa niya sa bulsa ang beinte-singko sentimos. Narinig niya ang pang-ungol ng kanyang sikmura. Nahalina sita sa maraming palaro at laruna sa perya.

Ngunit nang makita niya ang mga maliliit na manika ay hindi niya maalis ang tingin dito.

"Gusto ko ng manikang mayayakap sa pagtulog," sabi ni Rosamistica sa sarili.

Nagtatalo sa isip niya kung pagkain o laruan ang pipiliin, nang makita niya ang mag-inang pulubi sa tabi ng tindahan. Kalong-kalong ng nanay ang sanggol at kapwa ito marusing. Hinigpitan ni Rosamistica ang hawak sa kanyang beinte-singko sentimos.

Nang hindi na makatiis ay nilapitan ang mag-inang pulubi saka inabot ang barya.

"Maraming salamat, ineng," mahinang sabi ng babae.

Ngunit nang makita ng babae ang bata, isinauli ang beinte-singko sentimos dito.

"Malamang, kailangan mo rin tio," nahihiyang sabi ng pulubi.

"Naku, malakas po ako at makakapagtiis. Ibili na po ninyo ng tinapay para sa inyong anak," nakangiting sagot ni Rosamistica.

"Wala pa kaming kinakain simula kagabi," sabi ng babae at muling nagpasalamat sa bata. May dinukot na maliit na supot ang babae sa bulsa at inabot kay Rosamistica.

"May lamang tanson bilog ang supot. Baka gusto mong paglaruan. Maligayang Pasko. Napakabuti mo," ngumiti ang babae kay Rosamistica.

Nagpasalamat si Rosamistica at muling naglakad sa perya. Nang mapagod ay umupo s aisang tabi at tiningan ang laman ng supot na bigay ng babae. Laking gulat niya nang makitang may beinte-singko sentimos sa supot. Hahabulin sana niya ang mag-inang pulubi, ngunit wala na sila.

Dumukot siya sa supot. Gulat na gulat siya dahil puna na ngayon ito ng barya!

"Mahiwaga ang mag-inang pulubi," sabi ni Rosamistica sa sarili.

Namigay siya sa mga pulubi ng baryang pambili ng nakakabusog na notse buena. Magkakasalo silang kumain.

Pumasok si Rosamistica sa loob ng simbahan matapos kumain. Napatingin siya sa altar. Napansin niyang parang nakangiti sa kanya ang Mahal na Birhen kalong ang sanggol na si Hesus.

Hindi na bumalik si Rosamistica sa kanyang Tiyo Senando at Tiya Tomasa.

***

Pinagkuhanan: Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes. Rosamistica. Muling isinalaysay ni Christine S. Bellen. 2004. Anvil Publishing, Inc.

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Sa Ingles

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace
Why Cocks have Combs on their Head
The LIght of The Fly
The Snail and The Deer
Why Dogs Wag Their Tails

Sa Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo
Ang Anting-anting ni Manuelito
Ang Gamugamo at Ang Liwanag
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

Mga Kuwentong Pampasko:

The Poor Man who Became King
The Sultan with a Heart of Stone
Buking si Santa
Istatriray: Ang Bituing may Buntot
Alamat ng Puto-Bumbong
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

Adarna House:

Bakit Matagal ang Sundo ko?
Why is Mommy Late?
Asul na Araw
Blue Day
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?
How would you like your haircut today?
Sampung Magkakaibigan
Ten Friends
Ang Pambihirang Sombrero
The Amazing Hat

Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes (Anvil Publishing)

Ang Pitong Tanga
Rosamistica

Tahanan Books:

Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang Kuwentong-bayan
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo
The Termite Queen and other Classic Philippine Earth Tales
Volcano of Love and Death

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Kevin Duane B. Ligot	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Rey Sotto Justine Ray Santos Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Arielle Acosta Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education

Ateneo Grade School

Fr. Emerito Salustiano R. de la Rama, SJ.	*Headmaster*

Jervy M. Robles	*Assistant Headmaster for Academic Affairs*
Emmanuelle "Peanuts" R. Valerio	*Senior Teacher*
Christopher "Top" Sibyl Q. Benedicto	*Extern Co-Curricular Activity Moderator ng Ateneo Children's Theater*
Maria Lourdes "Lulu" M. Quijano	*Assistant Teacher*
	(voice actors for the episode)

Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

Ateneo Senior High School

Ma. Victoria P. Dimalanta	*Principal*
Luis Allan B. Melosantos	*Assistant Principal for Academic Affairs*